


SES

**Filipino**

Ang bagyo ay maaaring lubhang mapanganib.

Ang bagyo ay maaaring may kasamang malakas na hangin, malakas na ulan, kidlat at ulang may yelo.

Ang malakas na ulan ay maaaring maging sanhi ng biglaang pagbaha. Maaaring bumaha nang walang babala sa mga mababababang lugar.

Makinig sa mga babala ng bagyo. Siguruhing alam ng mga kaibigan, pamilya at mga kapitbahay ang tungkol sa babala.

Kung nagmamaneho, maingat na tumabi at huminto, malayo sa traffic. Buksan ang inyong hazard lights at hintaying lumipas ang bagyo.

**HUWAG** iparada ang inyong sasakyan sa ilalim ng punongkahoy. Ang punongkahoy at mga sanga nito ay maaaring mabali habang bumabagyo.

Kung nasa labas, kumanlong sa loob. **HUWAG** kumanlong sa ilalim ng mga punongkahoy.

Pagkabit-kabitin ang mga nagkalat na bagay sa inyong halamanan o sa paligid ng bahay.

Kung nasa loob [ng bahay], lumayo sa bintana.

Makinig sa ABC o sa inyong lokal na istasyon ng radyo para sa mga pang-emerhensiyang babala at payo.

Maghanda ng isang pang-emerhensiyang plano para sa inyong tahanan o negosyo.

Maghanda ng emergency kit na may:
- Mga importanteng dokumento (pasaporte/visa, mga reseta ng gamot)
- Radyong pinapaandar ng baterya
- First Aid Kit
- Ilaw na ginagamitan ng baterya
- Mga litrato at mga mapagkikilanlan.

Para sa madaliang tulong dahil sa baha at bagyo tumawag sa 132 500.

Kung nanganganib ang buhay tumawag sa 000.

Kung kailangan ninyong lumikas, dalhin ang emergency kit.

**HUWAG NA HUWAG** magmaneho, sumakay o maglakad sa tubig-baha.

**HUWAG NA HUWAG** payagang maglaro ang mga bata sa tubig-baha. Ito ay marumi at mapanganib.

Kung lumipas na ang bagyo, ipabatid sa mga kasamahan na kayo ay ligtas.